
## Ano ang silicosis?

- Isang maiiwasang sakit sa baga na dulot ng trabaho.
- Dulot ng paglanghap ng alikabok ng silica sa lugar ng trabaho.
- Walang lunas at maaaring nakamamatay.
- Maaaring maging kwalipikado ang ilang pasyenteng nangangailangan ng transplant sa baga.
- Maaaring umabot nang 10–15 taon bago lumitaw o maranasan ang mga sintomas.
- Kasama sa mga sintomas ang, ngunit hindi limitado sa, ubo, pagkapagod, pagbaba ng timbang, hirap sa paghinga, at pananakit ng dibdib.




## Ang mga indibidwal na nagtatrabaho sa mga sumusunod na industriya ay may pinakamataas na panganib ng pagkakalantad sa alikabok ng silica

- Pagputol at paghuhubog ng bato
- Konstruksyon
- Pagmimina

# Mga Pinahahalagahan ng LACDMH

**Integridad.** Propesyonal kaming kumikilos ayon sa pinakamataas na pamantayan sa etika.

**Paggalang.** Kinikilala namin ang pagiging natatangi ng bawat indibidwal at tinatrato ang lahat sa paraang nagpapatibay sa kanilang personal na kahalagahan at dignidad bilang tao.

**Pananagutan.** Inaako namin ang responsibilidad para sa aming mga desisyon at ang mga resulta nito.

**Pakikipagtulungan.** Nagtutulungan kami para makamit ang iisang mga layunin sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa buong komunidad, pagbabahagi ng kaalaman, pagbuo ng matitibay na pagkakaisa, at pagkakaroon ng sama-samang pagpapasya.

**Dedikasyon.** Gagawin namin ang anumang kinakailangan upang mapabuti ang buhay ng aming mga kliyente at komunidad.

**Pagiging malinaw (Transparency).** Malinaw at bukas naming ipinapahayag ang aming mga ideya, desisyon at resulta upang matiyak ang tiwala sa aming organisasyon.

**Kalidad at Kahusayan.** Tinutukoy namin ang pinakamataas na personal, pang-organisasyon, propesyonal at klinikal na pamantayan at sinisikap naming makamit ang mga pamantayang ito sa pamamagitan ng patuloy na pagpapabuti ng bawat aspeto ng aming pagganap.

**Kung ikaw ay nasa krisis at nangangailangan ng agarang tulong, tumawag sa aming 24/7 na libreng**

**Help Line sa: 800.854.7771**

*Ang mga taong may kapansanan sa pandinig o pagsasalita ay maaaring tumawag sa 711 at hilingin sa operator – na magsisilbing interpreter sa pagitan ng tumatawag at ng aming kawani – na tumawag sa aming Help Line.*

dmh.lacounty.gov



# Mga Mapagkukunan ng Suporta para sa Silicosis

LOS ANGELES COUNTY
DEPARTMENT OF MENTAL HEALTH
hope. recovery. wellbeing.





## Mga hamon na maaaring harapin ng mga indibiduwal at pamilya dahil sa pag-diagnose ng silicosis

**Pinansyal na Stress.** Mababawasan ang kita kung kailangang bawasan ang oras ng trabaho o kug hihinto sa pagtatrabaho ang isang tao.

**Mga Gastos sa Medikal at Pangangalagang Pangkalusugan.** Patuloy na mga pagbisita sa doktor, gamot at paggamot.

**Mga Pagbabago sa mga Tungkulin ng Pamilya.** Maaaring kailanganin ng mga miyembro ng pamilya na kumuha ng mga bagong responsibilidad tulad ng pag-aalaga o pamamahala sa pananalapi.

**Emosyonal na Stress.** Maaaring magdulot ng pag-aalala, kalungkutan at takot tungkol sa kalusugan at kinabukasan ng isang mahal sa buhay.

**Epekto sa mga Anak.** Maaaring mag-alala ang mga anak tungkol sa kalusugan ng kanilang mga magulang o sa mga pagbabago sa tahanan.

## Ang epekto ng silicosis sa kalusugan ng pag-iisip

Ang pamumuhay na may silicosis o ang pag-aalaga sa isang taong may ganitong uri ng sakit ay maaaring makaapekto sa kalusugan ng iyong pag-iisip. Maraming indibidwal ang kailangang bawasan ang oras ng kanilang trabaho o tuluyang tumigil sa pagtatrabaho, na nagdudulot ng karagdagang stress kaugnay ng usapin sa pananalapi, medikal na pangangalaga, at mga responsibilidad sa pamilya. Ang mga taong na-diagnose na may silicosis ay maaaring makaranas ng:

- Pagkabalisa o mga panic attack na nauugnay sa mga paghihirap sa paghinga.
- Depresyon o kalungkutan.
- Galit o pagkasiphayo.
- Takot o kawalan ng katiyakan tungkol sa hinaharap.

## Suporta at mga mapagkukunan

Tumawag sa 211 o bisitahin ang 211LA.org para kumonekta sa mga grupo ng suporta at mapagkukunan ng komunidad.

Mga Mapagkukunan para sa Silicosis ng Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles
dmh.lacounty.gov/mental-health-resources/silicosis-resources/

Website para sa Silicosis ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles
publichealth.lacounty.gov/silicosis/

## Pagharap sa mga hamon ng silicosis at pagsuporta sa mga taong naapektuhan ng sakit na ito

Ang pag-aalaga sa iyong sarili at pananatiling konektado sa ibang tao ay makatutulong sa mga panahon ng kahirapan. Narito ang ilang paraan upang suportahan ang iyong kagalingan:

- Ugaliing alagaan ang iyong sarili.
- Regular na kumain sa tamang oras at tiyaking nakakakuha ng sapat na pahinga.
- Panatilihin ang iyong mga nakasanayang gawain sa araw-araw hangga't maaari.
- Manatiling konektado sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga kaibigan, kamag-anak, o miyembrong pinagkakatiwalaan mo sa komunidad.
- Pagtuunan ng pansin ang mga personal na kalakasan.
- Iwasang uminom ng alak o gumamit ng ipinagbabawal na gamot bilang mga estratehiya sa pagharap sa mga problema.
- Ang pag-aangkop sa karamdaman o pagkawala ng isang mahal sa buhay ay nangangailangan ng panahon, normal lamang ang pagdadalamhati, kalungkutan, at kawalan ng katiyakan.
- Makinig nang walang paghuhusga.
- Makilahok sa mga pinagsasaluhang aktibidad.
- Mag-alok ng praktikal na tulong (mga pagkain, gawain at pagbisita sa mga doktor).

Huling in-update noong 4/6/2026